

**CHARTER NG MAMAMAYAN
PASIG BLOOD COLLECTING SECTION**

Mga Serbisyo sa Pagkolekta ng Dugo

Ang Pasig Blood Collecting Team ay nagsasagawa ng Mass Blood Donation sa mga Paaralan, Barangay, Kumpanya, at Organisasyon sa paligid ng Lungsod ng Pasig. Tumatanggap din kami ng mga walk-in donor sa Room 6, 5th Floor, Main Laboratory. Ang lahat ng mga produktong dugo na nakolekta ay ipoproseso sa Pasig City General Hospital at ibibigay sa mga in-patient ng Pasig City Children's Hospital at Pasig City General Hospital at iba pang Pasigueño na nangangailangan ng pagsasalin ng dugo.

Opisina o Dibisyon:	Opisina ng Pangkalusugan ng Lungsod
Klasipikasyon:	Simple
Uri ng Transaksyon:	G2C – Pamahalaan para sa mga Mamamayan
Sino ang pwedeng gumamit:	*Mga pasyente ng Pasig City General Hospital at Pasig City Children's Hospital *Lahat ng Pasigueño na nangangailangan ng dugo

LISTAHAN NG MGA KAILANGANG DALHIN NG DONOR	SAAN KUKUHA
Personal Kard ng Pagkakakilanlan	Kard ng pagkakakilanlan na galling sa Gobyerno

#	MGA HAKBANG SA DONASYON	PAMAMARAAN	MGA BAYARIN	GAANO KATAGAL	KAWANI NA GAGAWA
1	Pagpaparehistro	*Ang Nars ay ipapalista ang pangalan sa Donors Registry ang potensyal na donor at tatalakayin kung karapat-dapat itong magbigay ng dugo batay sa mga pamantayan ng donasyon. *Bibigyan din ang Donor ng Donor History Questionnaire Form na pupunan	N/A	3-5 minuto	Yolanda C. Asis, RN
2	Pagkuha ng Vital Signs	Ang Nars ay magsasagawa ng masusing pagsusuri sa mga posibleng donor ng dugo sa pamamagitan ng pagsuri sa timbang, temperatura, presyon ng dugo at pulso ng donor	N/A	3-5 minuto	Yolanda C. Asis, RN
3	Panayam at Medikal	*Sasagutin ng donor ang	N/A	3-5 minuto	Rachel M. Millan,

#	MGA HAKBANG SA DONASYON	PAMAMARAAN	MGA BAYARIN	GAANO KATAGAL	KAWANI NA GAGAWA
	na pagsusuri	ilang mga tanong sa isang pribado at kumpidensyal na panayam tungkol sa kanyang personal na data, kasaysayan ng kalusugan at mga lugar kung saan siya naglakbay *Ang Doktor ay gagawa ng medikal na pagsusuri sa posibleng donor upang matukoy kung siya ay karapat-dapat na magbigay ng dugo			MD
4	Pagsusuri sa Laboratoryo	Gagawin ng Medical Technologist ang Hemoglobin Determination Test at Blood Typing mula sa sample ng dugo ng donor.	N/A	3-5 minuto	Marites G. Tabalanza, RMT
5	Pag-label ng Bag ng Dugo	Paglalagay ng label sa mga bag ng dugo ng tama at walang mali bago ang koleksyon ng dugo	N/A	3-5 minuto	Lennie C. Navato (Lab. Tech.)
6	Phlebotomy/Pagkuha ng Dugo	Lilinisin ng Medical Technologist/ Phlebotomist ang napiling lugar para sa venipuncture sa braso ng donor at maglalagay ng bagong sterile na karayom para sa koleksyon ng dugo. Ang aktwal na donasyon ay tumatagal ng humigit-kumulang 8-10 minuto kung saan ang donor ay maginhawang nakahiga. Kapag humigit-kumulang isang bag na ng dugo ang nakolekta, kumpleto na ang donasyon at maglalagay ang Medical Technologist/ Phlebotomist ng benda sa braso ng Donor at hihilingin na humiga ng 10 minuto at isa pang 5 minutong ng nakaupo.	N/A	25-30 minuto	*Jeresha B. Bandojo, RMT *Adrian A. Quiogue, RMT *Paul John D. Mamba, RMT *Clar-Gerund C. Estorco, RMT
7	Proseso ng Cold Chain	*Susuriin ng Medical Technologist ang lahat ng nakasulat na impormasyon sa mga bag ng dugo, tinitiyak na ang lahat ng mga label ay nababasa at walang mali. * Ang mga pumasa o napunong bag ng dugo ay pinaghihiwalay at inaayos ayon sa donor's code at bar code.	N/A	3-5 minuto	Madelyne Jane B. Sindayen, RMT

#	MGA HAKBANG SA DONASYON	PAMAMARAAN	MGA BAYARIN	GAANO KATAGAL	KAWANI NA GAGAWA
8	Dokumentasyon ng Mobile Blood Donation Output	Pagtatala ang Output ng Donasyon ng Dugo	N/A	30 minuto	Yolanda C. Asis, RN
9	Refreshment at Token Giving	Pagkatapos ng donasyon ng dugo, bibigyan ang donor ng pagkain at maiinom sa refreshment area. Ang donor ng dugo ay maaaring umalis sa site pagkatapos ng 10-15 minuto at tuturuan na iwasan ang mabibigat na aktibidad at uminom ng maraming likido. Bibigyan din ng token of appreciation.	N/A	3 minuto	*Myla A. Espino, RMT IV *Efrain B. Arevalo, Jr.(J.O.)
10	Pagdadala ng Dugo sa Blood Bank	Ligtas na pagdadala ng mga bag ng dugo na nakolekta sa Blood Bank ng PCGH o RMC para sa pagproseso nang may tiyak na pagsunod sa proseso ng cold chain ng dugo	N/A	30 minuto	2- MedTechs na nakatalaga(palitan sa gawain) 2- Katulong sa gawain na galing sa Engineering Dept. 1-Drayber *Jeresha B. Bandojo, RMT *Adrian A. Quiogue, RMT *Paul John D. Mamba, RMT *Clar-Gerund C. Estorco, RMT *Marites G. Tabalanza, RMT *Madelyne Jane B. Sindayen, RMT *Arnel E. Dilidili-Drayber *Marcelino C. Gallano- Katulong sa gawain *Bonifacio E. Romano-Katulong sa gawain

Mga Puna at Reklamo

MEKANISMO NG PUNA AT REKLAMO	
Pano magbigay ng feedback	Maaaring ihulog ang nasagutang feedback form ng kliyente sa Suggestion Box na makikita sa harap ng tanggapan.
Paano matutugunan ang feedback	Ang mga feedback form ay kinokolekta ng laboratory clerk, itinatala sa monitoring of feedback form at pinag-aaralan. Ang mga negatibong puna ay agarang binibigyang-pansin.
Paano maglahad ng reklamo	Isang sulat o liham na naka-address sa Chief Medical Technologist / Hepe ng Blood Services ay dapat na gawin ng taong may reklamo para matugunan ang problema.
Paano matutugunan ang reklamo	Ang reklamo o isang insidente ay iniimbistigahan at sinisiyasat ng mga kinauukulang opisyal ng opisina. Ang mga aksyong pagwawasto ay maagap na tinutugunan ng naaayon sa pamantayan ng mga reklamo.
Impormasyon sa pakikipag-ugnayan	Pasig Blood Collecting Team/Pasig City Clinical Laboratory 8643-1111 loc 1315